

MGA PANGGAMOT SA TUBERKULOSIS
Impormasyon para sa mga pasyente
TUBERCULOSIS MEDICATIONS
Information for patients

Malapit na kayong magsimula sa isang pamamaraan ng paglulunas na inireseta ng doktor upang malunasan ang inyong sakit na tuberkulosis (TB). Ang TB ay isang malubhang sakit na makakasira sa inyong kalusugan kung hindi gagamutin. Ang TB ay maaaring lubusang malunasan sa pamamagitan ng tamang panggagamot.

Pamamahala

Mahalagang inumin ang mga gamot na inireseta ng doktor. Ang hindi regular na pag-inom ng mga gamot ay maaaring maging dahilan ng hindi pagtalab ng gamot, at lalong mahihirapang malunasan ang inyong sakit

Upang maiwasan ang ganitong mga problema, kailangang lubusang pamahalaan ang lahat ng paglulunas sa TB. Ang ibig sabihin nito ay ang lahat na panggagamot ay iinumina sa harap ng isang nars o ibang tagapag-alaga ng kalusugan. Ang mga narses sa TB Klinik ay makakasagot sa anumang katanungan ninyo tungkol sa paglulunas para sa TB. Kaya nilang manmanan ang anumang kakaibang epekto (side effects) ng paglulunas at kung kinakailangan, isasa-ayos nila na makipagkita kayo sa doktor.

NAPAKAMAHALAGANG ipagpatuloy ninyong iinumina ang panggagamot (kahit na magaling na ang pakiramdam ninyo) hanggang ang inyong doktor sa TB Klinik mismo ang nagsabing ihinto na ito, para mahadlangang bumalik ang TB.

Bakit ko kailangang inumin ang mga gamot?

- Upang maalis ang sakit ninyong TB;
- Upang mahadlangan ang pagkakaroon ng uri ng TB na mahirap gamutin; at
- Upang mahadlangan ang paglaganap ng TB.

Anong mga gamot ang ginagamit sa panglunas ng TB?

Ang mga gamot na ginagamit sa panglunas ng TB ay mga *antibayotikong nangangalang* Isoniazid, Rifampicin, Pyrazinamide at Ethambutol. Maaaring ireseta ang mga ito araw-araw o tatlong beses bawat linggo.

Ang mga gamot na ito ay kailangang inumin ayon sa inireseta ng inyong doktor sa loob ng anim na buwan o mahigit pa. Sa mga hindi pangkaraniwang kaso, ang paglulunas ay maaaring kailangang ipagpatuloy ng hanggang 2 taon.

Tiyaking ipagbigay-alam sa mga narses ang anumang kadahilanan kung hindi kayo makakapunta sa inyong tipanan sa TB Klinik (halimbawa, kung mayroon kayong ibang tipanan) o maaaring puntahan kayo sa bahay ng nars sa mga araw ng paggagamot at kami ay gagawa ng ibang pagtitipan.

Bakit maraming ibat-ibang mga gamot ang sabay-sabay na ginagamit?

Ang mga gamot sa TB ay mga antibayotikong kumikilos sa ibat-ibang paraan para mapatay ang mga bakterya ng TB. Ang mga bakterya ng TB ay mabagal mamatay at kinakailangan ng hindi kukulangin sa anim na buwan ang pag-inom ng pinagsama-samang mga gamot upang mapapatay ang mga bakteryang ito.

Kung ang mga gamot ay gagamitin ng hiwa-hiwalay, ang mga bakterya ng TB ay madaling magiging hindi tinatablan ng mga gamot na ito. Sa Australya, may ilang mga taong may sakit na TB ang hindi tinatablan ng mga gamot na karaniwang pinanglulunas sa TB. Kung mangyari ito, kinakailangang dagdagan ang mga antibayotikong iinumina —at ang paglulunas ay lalong tatagal ng mahaba-habang panahon.

Mga Pag-iingat habang umiinom ng panggamot sa TB

Ang alak at *parasetamol* ay maaaring makasama sa mga gamot. Ang pag-inom ng alak o parasetamol habang ginagamot sa TB ay maaaring magdulot ng mga kakaibang epekto o reaksiyon na maaaring makakasira sa inyong kalusugan. Inirerekomendang iwasan ang alak habang ginagamot.

Pakitandaan na maaaring mangyari ang hindi regular na pagrereglala habang ginagamot. Inererekomenda-sa mga kababaihan na iwasan munang magdalantao habang ginagamot sa TB. Ang epekto ng mga iniinom na kontraseptibo ay pinahihina ng Rifampicin, kaya hindi kayo nakakatiyak sa ganitong pamamaraan ng pag-iwas sa pagbubuntis. Inirerekomenda na ang mga kababaihang ginagamot sa TB ay gumamit ng ibang uri ng kontraseptibo. Ang kapalit na kontraseptibo ay dapat pag-usapan ninyo ng inyong doktor.

Kung kayo ay **NAGDADALAN-TAO** o **NAGPAPASUSO**, ipaalam kaagad ito sa inyong doktor sa TB Klinik. Baka kailangang baguhin ang inyong mga gamot.

Ang regular na pagpapasuri ng dugo ay maaaring kailangang gawin para malaman kung mayroong mga kakaibang epekto sa inyo ang mga iniinom na mga gamot. Ang inyong doktor ang siyang bahalang magpasa-ayos sa mga pagsusuring ito.

Mga naghahalang gamot

Mahalagang sabihin sa inyong doktor sa TB kung kayo ay umiinom ng ibang gamot o gumagamit ng mga herbal na pangremedyo upang matasa namin ang anumang posibleng mga epekto nitong mga gamot sa inyong paglulunas ng TB.

Ang mga *antacids* na may sangkap ng aluminum (halimbawa *Gaviscon*) ay hindi dapat inumin sa loob ng dalawang oras mula sa pag-inom ng mga gamot sa TB. Ang panggamot sa *Methadone* ay maaari ring makaapekto sa mga gamot ng TB. Ang mga gamot para sa diabetes, *Parkinson's disease*, *HIV*, *epilepsy* (pagkawalang-malay) o *cardiac conditions* (sakit sa puso) ay maaari ring magreaksyon sa mga gamot sa TB. Kung kayo ay ginagamot sa mga sakit na ito, mahalagang sabihin ninyo ito sa inyong doktor sa TB.

Paano ang pag-inom ng mga gamot

Lalong mahusay ang talab ng mga paggamot kung iinuming sabay-sabay na may tubig ISANG oras bago kumain o DALAWANG oras pagkatapos kumain. Mainam kung iinumina ang mga gamot sa pare-parehong oras bawat araw.

Sa mga pasyenteng nasusuka ang pakiramdam, ang mga gamot ay maaaring sabayan ng mga kaunting pagkain (katulad ng tinapay). Kung kayo ay may nararamdamang pagkasuka, mahalagang sabihin po ito sa nars o doktor.

Kung mayroon kayong problema sa pag-inom ng inyong mga gamot, pag-usapan ninyo ito ng nars o doktor sa TB .

Mga kakaibang epekto ng mga gamot sa TB

Katulad ng ibang mga gamot, ang mga gamot sa TB ay paminsan-minsang may kakaibang epekto sa ilang katao. Kung mangyayari ang mga ito, pakireport ito kaagad sa mga kawaning doktor o nars sa TB Klinik.

Kung mayroon kayong nararamdamang kakaibang mga sintomas o ng pagsama ng pakiramdam sa anumang kadahilanan, pag-usapan ninyo ng nars o doktor sa TB . Kung kinakailangan ang agad-agad na pagtinging pangmedikal sa labas ng oras ng trabaho, magtungo sa Pang-‘Emergency’ na Klinik ng pinakamalapit ninyong ospital **na dala-dala ang listahan ng mga gamot ninyo sa TB.**

Ang mga maaaring kakaibang epekto, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Mga singaw sa balat at pangangati
- Nasusuka (maysakit ang pakiramdam), walang ganang kumain
- Dilaw ang kulay ng kutis at mga mata
- Palagiang pagod ang pakiramdam
- Malabo ang paningin, hindi malinaw ang tingin sa mga kulay
- Hindi regular na panahon ng pagreregla
- Pagtatae
- Hindi pangkaraniwang kirot sa mga kasu-kasuan / masakit na kasu-kasuan lalo na sa hinlalaki ng paa (gout)
- Lagnat, sakit sa ulo at kirot sa kalamnan
- Madaling magkapasa

Nagiging kulay-dalanghita ang mga luha, lumalambot na ‘contact lens’, dura at ihi ay kalimitang nangyayari habang ginagamot sa TB at hindi dahilan upang mabahala.

HUWAG MAG-ATUBILING PAG-USAPAN NINYO NG DOKTOR O NARS SA TB KLINIK ANG ANUMANG ASPETO NG PAGLULUNAS.

Mga Reperensya:

1. Therapeutic Guidelines, Antibiotics, Version 12, 2003
 2. Department of Health, Controlling Tuberculosis in NSW 2005
-